



NDIS Quality  
and Safeguards  
Commission

Sinikap naming matiyak ang pagiging madaling paggamit (usability) at pag-access (accessibility). Kapag nakakaranas ka ng mga isyu sa pag-access, mangyaring makipag-ugnay sa [engagement@ndiscommission.gov.au](mailto:engagement@ndiscommission.gov.au).



## Isyu 2: Taglagas 2021

### Isang newsletter para sa mga taong may kapansanan, iyong mga kaibigan, pamilya, tagapagtaguyod at ang komunidad.

*Kung ikaw ay isang tagapagbigay ng NDIS o manggagawa na sumusuporta sa isang taong may kapansanan, o isang tagapagtaguyod, katiwala, kaibigan o miyembro ng pamilya ng isang taong may kapansanan, mangyaring ibahagi ang newsletter na ito sa kanila.*

Malugod na pagsalubong sa ikalawang paglalathala ng SAFEGuard. Sa unang paglalathala, inanyayahan ka na magbigay sa amin ng iyong puna at anumang mga mungkahi para sa pagpapabuti ng newsletter sa hinaharap.

Salamat sa mga nakatapos ng sarbey. Hangga't maaari ay gagawin naming kawili-wili at kapaki-pakinabang ang SAFEGuard, kasama ang iyong puna.

### Update ng pagbabakuna laban sa COVID-19

Nagsimula na ang programang pagbabakuna laban sa COVID-19 sa Australya. Ang bakuna ay isang paraan upang maprotektahan ang mga taong may kapansanan, mga manggagawa at ang pangckalahatang komunidad.

Lahat ng mga Australyano ay hinihimok na makakuha ng bakuna laban sa COVID-19, ngunit sa yugtong ito, ito ay boluntaryo. Nangangahulugan ito na maaari kang magpasya kung tatanggapin mo ito o hindi.

Bago ka sumang-ayon na makuha ang bakuna, mahalagang maunawaan mo:

- kung ano ang bakuna laban sa COVID-19 at para saan ito
- ang mga benepisyo ng bakuna
- ang mga panganib ng bakuna.

Ang Kagawaran ng Kalusugan (Department of Health) ay bumuo ng isang [Impormasyon para sa mga taong may kapansanan tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19](#) webpage, na sumasaklaw sa maraming mga katanungan na maaaring mayroon ka tungkol sa mga bakuna, kabilang ang kung kailan at kung saan ito makukuha. Ang webpage na ito ay palaging ina-update.

Inilathala rin ng website ng Kagawaran ng Kalusugan ang mga mapagkukunan ng impormasyon (kasama ang [Easy Read](#) na porma at mga [Auslan](#) video) tungkol sa mga bakuna. Itong mga

---

mapagkukunan ng impormasyon ay nagpapaliwanag kung ano ang mga bakuna, kung paano maghanda para sa iyong pagpapabakuna, at kung ano ang aasahan pagkatapos na mabakunahan ka.

## Disability Gateway

Ang Helpline ng Impormasyon sa Kapansanan (Disability Information Helpline) ay binago na at naging [Disability Gateway](#).

Ang numero ng Disability Gateway (1800 643 787) ay kapareho ng numero ng Disability Information helpline. Ang numero ay magagamit Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng ika-8.00 ng umaga at ika-8.00 ng gabi AEDT.

Layunin ng Disability Gateway na tulungan ang mga taong may kapansanan, at ang iyong mga pamilya at tagapag-alaga, upang mahanap at makuha ang mga maaasahang impormasyon at serbisyo.

Maaari kang makipag-ugnay sa Disability Gateway tungkol sa mga isyu sa COVID-19 at makipag-usap sa isang tao na nauunawaan ang iyong mga pangangailangan tungkol sa mga partikular na mga bagay sa may kapansanan.

Ang Disability Gateway ay para sa lahat ng mga Australyano na may kapansanan, maging sila ay isang kalahok ng NDIS o hindi.

## NDIS Worker Screening Check

Ang pag-screen ng mga manggagawa ay isang paraan ng pag-check sa mga manggagawa ng NDIS upang makatulong na matiyak na hindi sila nagdudulot ng isang mataas na panganib sa mga taong may kapansanan na katrabaho nila.

Noong ika-1 ng Pebrero 2021, ang NDIS Worker Screening Check ay nagsimula sa karamihan ng mga estado at teritoryo. Magsisimula ito sa Northern Territory nang hindi lalampas sa ika-1 ng Hulyo sa taong ito. Nangangahulugan ito na ang mga manggagawa ng NDIS ay ma-screen sa parehong paraan sa buong Australia.

**Kung nakakatanggap ka ng suporta o serbisyo ng NDIS mula sa isang nakarehistrong tagapagbigay ng NDIS**, ang kanilang mga manggagawa sa [ilang mga tungkulin](#) ay dapat magkaroon ng isang NDIS Worker Screening clearance o [acceptable check](#). Ito ang batas.

**Kung pinangangasiwaan mo mismo ang lahat o bahagi ng iyong plano**, maari kang humiling samga hindi nakarehistrong tagapagbigay at mga manggagawa na nagbibigay sa iyo ng mga suporta at serbisyo ng NDIS na kumuha ng isang NDIS Worker Screening clearance.

Upang matingnan ang clearance status ng iyong mga manggagawa, maaaring kailanganin mo na [mag-apply para sa pag-access sa NDIS Worker Screening Database](#).

Bisitahin ang website ng [NDIS Commission](#) upang malaman ang higit pa.

## Provider practice alerts

Naglathala kami ng mga bagong fact sheet para sa mga tagapagbigay ng NDIS upang matulungan silang mapigalan ang mga maiiwasang pagkamatay ng mga taong may kapansanan na binibigyan nila ng suporta. Ang mga fact sheet ay tungkol sa:

- [Dysphagia, ligtas na paglunok at pamamahala ng oras ng pagkain](#)
- [Pangangasiwa ng Epilepsy](#)
- [Mga gamot na nauugnay sa mga problema sa paglunok](#)
- [Polypharmacy](#)

- [Mga paglipat ng pangangalaga sa pagitan ng mga serbisyo sa kapansanan at mga ospital](#)

Ang bawat fact sheet ay nagpapaliwanag sa mga panganib na nauugnay sa paksa at mga bagay na dapat dapat gawin ng mga tagapagbigay at ng kanilang mga manggagawa upang pangasiwaan ang mga panganib na iyon upang suportahan ang nagpapatuloy na kalusugan, kaligtasan at kabutihan ng mga taong may kapansanan.

Binuo namin ang mga mapagkukunang ito bilang tugon sa pananaliksik na isinagawa ni Professor Julian Trollor sa [mga sanhi at nagbibigay-sanhi sa mga pagkamatay ng mga taong may kapansanan..](#)

## Mga mapagkukunan para sa mga kalahok na Aboriginal at Torres Strait Islander

Siguraduhing lahat ng mga kalahok ng NDIS ay nauunawaan ang kanilang karapatan sa ilalim ng NDIS ay susi sa ginagawa namin at kung sino kami. Sa pag-iisip na ito, bumubuo kami ng mga bagong materyales na partikular na idinisenyo para sa mga kalahok ng NDIS na mga First Nation.

Ang unang yugto ng proyektong ito ay upang lumikha ng isang bersyon ng aming [Participant Welcome Pack](#) para sa mga Aboriginal at mga Torres Strait Islander. Isang kumpanya ng komunikasyon na ang may-ari ay Aboriginal ay bumuo sa Pack, sa konsultasyon na kasama ang mga kalahok, manggagawa at tagapag-alaga na Aboriginal at Torres Strait Islander.

Kami ay bumubuo ng karagdagang mga mapagkukunan para sa mga taong Aboriginal at Torres Strait Islander, at ipapahayag ang mga ito sa mga hinaharap na paglalathala ng SAFEGuard.

## Batas sa Mamimili ng Australia (Australian Consumer Law) at ang Code of Conduct ng NDIS

Maaaring alam mo na lahat ng mga tagapagbigay ng NDIS at mga manggagawa ay dapat sumunod sa NDIS Code of Conduct, ngunit maaaring hindi mo alam na mayroon ka ring mga karapatan sa ilalim ng Batas sa Mamimili ng Australia (Australian Consumer Law). Kapag pumasok ka sa mga kasunduan para sa mga serbisyo at suporta ng NDIS, o bumili ng mga paninda tulad ng isang wheelchair, ikaw ay isang mamimili ng mga serbisyo, pagsuporta at panindang iyon. Ang Batas sa Mamimili ng Australia ay nangangailangan sa lahat ng mga negosyo na nagbibigay ng mga serbisyo at paninda sa mga mamimili, na kumilos nang wasto, at hindi linlangin ang mga tao tungkol sa kasunduan o mga serbisyo, pagsuporta at mga kalakal na ibinibigay nila.

Ang NDIS Commission, ang Australian Competition and Consumer Commission (ACCC), at ang NDIA ay [magkasamang sumulat sa lahat ng mga tagapagbigay ng NDIS](#) upang paaalalahanan sila sa kanilang mga obligasyon sa ilalim ng NDIS Code of Conduct at ng Australian Consumer Law na nalalapat sa mga kasunduan na ginawa o mga serbisyo, pagsuporta at mga kalakal na ibinibigay sa mga kalahok ng NDIS at ibang mga namimili.

[Ang mga kinatawang tagapagtanggol sa mga mamimili](#) sa bawat estado at teritoryo ay mangangasiwa sa mga reklamo tungkol sa mga tagapagbigay ng NDIS na hindi sumusunod sa Batas sa Mamimili sa Australia, at maaari ka ring magreklamo sa NDIS Commission. Kung hinkdi ka sigurado kung kanino pupunta, makipag-ugnay sa aamin at makikipag-usap kami sa iyo tungkol sa iyong reklamo, at magpapasya kung sino ang pinakamabuting tutulong.

Ang mga website ng [ACCC](#) at ng [NDIS Commission](#) ay maaaring tutulong sa iyo na maunawaan ng higit pa tungkol sa iyong mga karapatan at kung ano ang maaari mong gawin kung sa palagay mo ay hindi nasunod ng isang tagapagbigay sa NDIS Code of Conduct o sa Australian Consumer Law.

---

## Paggawa ng isang reklamo sa NDIS Commission

Kung sa tingin mo ay hindi ka ligtas o hindi nasisiyahan sa iyong suporta or serbisyo sa NDIS, maaari kang magreklamo sa amin.

### [PINDUTAN NG REKLAMO]

Ang mga reklamo ay mahalaga — makakatulong sila sa mga tagapagbigay na maunawaan kung ano ang mahalaga sa mga taong may kapansanan at mapabuti ang kalidad ng mga serbisyong ibinibigay nila, kaya't ang iyong reklamo ay makakatulong rin sa ibang mga tao. Mahalaga rin ang mga reklamo para sa gawaing ginagawa ng NDIS Commission upang matiyak na ligtas at kalidad ang mga suporta para sa mga taong may kapansanan.

Nakinig kami sa mga puna tungkol sa kung paaano namin mapapabuti ang aming mga proseso para sa mga taong nagrereklamo. Gumagawa kami ng mga pagbabago kasama ang:

- mas maraming kawani na magagamit upang hawakan ang iyong reklamo
- minsan lamang na ibigay ng mga tao ang kanilang kwento
- pagbabawas ng oras na ginugugol sa paglutas ng mga reklamo, habang tinitiyak na gumagamit kami ng sapat na oras upang makuha ang pinakamahusay na kinalabasan
- pagdaragdag ng paggamit ng pagkakasundo at iba pang mga pamamaraan sa paglutas ng hindi pagkakasundo upang maghanap ng mas mahusay na kinalabasan.

Patuloy kaming gagawa ng mga pagbabago sa aming mga proseso sa reklamo bilang pagtugon sa mga puna na nakuha namin mula sa mga taong may kapansanan, mga tagapagtaguyod at iba pa. Maaari kang mag-email ng puna sa [complaints@ndiscommission.gov.au](mailto:complaints@ndiscommission.gov.au).

## Paano makipag-ugnay sa NDIS Commission

Maari kang tumawag sa amin sa 1800 035 544. Ito ay isang libreng tawag mula sa mga landline. Ang aming contact centre ay bukas mula sa ika-9.00 ng umaga hanggang sa ika-5.00 ng hapon (ika-9.00 ng umaga hanggang ika-4.30 ng hapon sa NT) Lunes hanggang Biyernes, hindi kasama ang mga pampublikong piyesta opisyal.

Bilang kahalili, maaari kang mag-email [contactcentre@ndiscommission.gov.au](mailto:contactcentre@ndiscommission.gov.au)

## Mga paraan upang makagawa ng isang reklamo

Kung nais mong gumawa ng isang reklamo sa amin, maaari kang:

- **tumawag:** 1800 035 544 (libreng tawag mula sa mga landline) or TTY 133 677. Maaring makipag-ayos sa mga Tagasalin (Interpreter).
- **gamitin** ang [National Relay Service](#) at hilingin ang 1800 035 544.
- **kumpletuhin** ang isang online na [complaint contact form](#).

## Susundan kami

**LinkedIn:** [www.linkedin.com/company/ndiscommisson](http://www.linkedin.com/company/ndiscommisson)

**Facebook:** [www.facebook.com/NDISCommission](http://www.facebook.com/NDISCommission)

## Mag-subscribe sa newsletter na ito

Kung may nagpasa sa iyo ng email na ito, ngunit mas gugustuhin mong ipadala namin ito sa iyo nang direkta sa hinaharap, maaari kang mag-subscribe sa pamamagitan ng pagpuno sa [subscription form](#).